

## Mabilisang Pagsusuri ng Lagnat: Kailan Tatawag sa Doktor

Puwedeng gamitin ng mga direct support professional (DSP) o ng iba ang checklist tool na ito para matiyak kung kailan tatawag sa doktor tungkol sa karamdaman na kaugnay ng lagnat.

HINDI kailangan na may tsek ang karamihan o lahat ng mga kahon na ito para makatawag sa doktor. Pero kahit dalawa o tatlo lang na tsek sa mga kahon ay puwedeng mangahulugan na panahon na para tumawag sa doktor.



### Tumawag sa Doktor Kung:

- Tumataas ang temperatura ng isang bata nang lampas pa sa 102 degree
- Tumataas ang temperatura ng isang adulto nang lampas pa sa 101 degree
- Nagtatagal ang lagnat nang lampas sa 24 oras nang walang malinaw na dahilan
- Nagtatagal ang lagnat nang lampas sa 72 oras kahit pa mayroong malinaw na dahilan
- Mayroong lagnat sa isang sanggol na wala pang tatlong buwang gulang
- Ang taong ito ay may malubhang sakit
- Tumatangging kumain o uminom ang taong iyon
- Nagpapatuloy ang lagnat nang lampas sa 48 oras pagkatapos masimulan ang gamutan o kung bumalik ang lagnat
- Hindi bumubuti ang ginagamot na kondisyon ng isang tao pagkaraan ng dalawang araw ng gamutan o kung lumalala ang mga sintomas



Kung nag-aalala ka para sa kalusugan ng isang indibidwal para sa anumang dahilan, laging MABUTI na tumawag sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para humingi ng payo at mga rekomendasyon. Sa maagang pagkaalam sa mga sintomas at pagtiyak na nakakatanggap ng angkop na lunas ang isang indibidwal, mapipigilan mo na lumala ang minor na karamdaman.